

## **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-18 ng Mayo 2020**

### **ANONG BAGO NGAYONG ARAW**

#### **UPDATE MULA SA KEMH**

Ang lahat ng mga bagong resulta ng pagsusuri ay natanggap na ng KEMH at ang lahat ng ito ay lumabas na negatibo sa COVID-19.

Kung kamakailan lamang ikaw ay nakuhanan na ng swab sa KEMH, importante na ikaw ay maghintay na makarinig ng direkta mula sa ospital patungkol sa resulta ng iyong pagsusuri at magpatuloy na sundin ang kanilang abisong pangkalusugan habang naghihintay ng tawag.

#### **PAGSUSURI SA FALKLANDS**

Tayo ay nasa posisyon na na magsagawa ng pagsusuri sa loob ng isla, para sa mga sintomatikong mga indibidwal na maaaring nagdadala ng SARS-CoV-2 virus, na sanhi ng sakit na COVID-19.

Ang resulta mula sa mga swabs ay maaaring makuha sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras sa halos lahat ng mga kaso.

Simula ngayon, ang pagkakaroon ng platapormang ito, na ngayon ay umuusad at lumalakad na, ibig sabihin lamang nito ay ang mga taong sintomatiko na may sakit na tulad ng sa trankaso, at yaong mga taong hiniling na mag-isolate, ay maaari nang kuhanan ng swab. Kapag nalaman na ang resulta, kung ito ay hindi positibo sa COVID-19, at kapag ang indibidwal ay tuluyang gumaling sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras, maaari na silang bumalik sa trabaho / paaralan.

Inaasahan natin na ang panahon ng self-isolation sa mga kasong ito ay malakihang mababawasan dahil sa oportunidad na magsagawa ng pagsusuri sa isla.

Sa mga pagkakataon, kung ang indibidwal ay manatiling maging sintomatiko na may sakit ng tulad ng sa trankaso, mangangailangan ito ng pangalawang swab at ito rin ay maisasagawa sa laboratory ng KEMH.

Karagdagan dito, ang surveillance swabbing ay maisasagawa na sa buong Stanley at MPC, at ang mga swabs ay masusuri sa KEMH.

Ang surveillance swabbing ay isang mahalagang bagay para masubukan at mahanap ang virus, partikular sa mga indibidwal na maaaring walang sintomas ngunit nagdadala ng virus.

Sa pagsisimula, ang surveillance swabbing ay isasagawa sa mga healthcare workers, ngunit mabilis na maisasagawa sa mga taong nagtatrabaho na kung saan sila ay likas na

nakikipagugnayan sa maraming tao, tulad ng mga guro, shop assistants, opisyal ng Customs and Immigration, at iba pa, at kalaunan ay mga random sample groups ay makukuhanan din ng swab at masuri sa pag-usad nito.

Ang surveillance swabbing ay isasagawa rin sa MPC.